

Pagbibigay ng Access sa Epektibong Komunikasyon

Gabay para sa Pagsasalin sa Edukasyon

Ang ADA, IDEA, at Rehab Act of 1973 (Seksyon 504)

Ang mga regulasyon ng Americans with Disabilities Act Title II ay partikular na tumutugon sa obligasyon ng mga lupon ng paaralan at mga lokal na ahensya ng edukasyon na alisin ang mga hadlang sa komunikasyon para sa mga bingi (tulad ng **mga estudyante, magulang, empleyado, at dadalo sa kaganapan**).¹

Ang Individuals with Disabilities Education Act ay nagbibigay ng libreng naaangkop na edukasyon para sa mga batang may kapansanan sa buong bansa at tinitiyak ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo para sa mga batang iyon.²

Ang Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ay nag-aatas sa mga programang tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal na magbigay ng mga tulong sa mga taong may kapansanan kung kinakailangan upang matiyak ang epektibong komunikasyon. Ang mga sistema ng pampublikong paaralan ay tumatanggap ng malaking pederal na tulong pinansyal, kaya ang batas na ito ay naaangkop sa kanila.¹

Mga Kinakailangan sa Kuwalipikasyon ng Interpreter para sa Virginia

Ang Virginia Code § 8VAC20-81-40 E. 3 ay nag-aatas na ang mga tauhang nagbibigay ng mga serbiyo ng pang-edukasyon na interpreting para sa mga batang gumagamit ng sign language ay dapat mayroong:

- (a) Isang balidong Virginia Quality Assurance Screening (VQAS) Level III; o
- (b) Pasadong score sa Educational Interpreter Performance Assessment (EIPA) Written Test kasama ang minimum na Level 3.5 sa EIPA Performance Test o anumang iba pang kuwalipikasyon ng estado o pambansang sertipikasyon (hindi kasama ang Sertipiko ng Interpretasyon ng Bingi) na kinikilala ng Kagawaran para sa Bingi at Mahina ang Pandinig ng Virginia bilang katumbas o lumalampas sa VQAS Level III.
- (c) Sa anumang pagkakataon, hindi dapat umupa ang mga lokal na ahensya ng edukasyon o mga pribadong paaralan para sa espesyal na edukasyon ng mga interpreter na may mga kuwalipikasyon na mas mababa sa VQAS Level II, EIPA Level 3.0 o katumbas nito mula sa ibang estado.
- (d) Ang mga interpreter na na-hire na may VQAS Level II, EIPA Level 3.0 o katumbas nito ay mayroong dalawang taon mula sa petsa ng pag-hire upang maabot ang mga kinakailangang kuwalipikasyon.³

Pag-hire ng isang Interpreter ng ASL

Maaaring direktang mag-hire ang mga distrito ng paaralan ng mga kuwalipikadong interpreter bilang mga empleyado ng distritong iyon, o maaari nilang gamitin ang mga serbisyo ng mga ahensya ng referral ng interpreter. Nasa ibaba ang mga link sa Direktoryo ng mga Interpreter at Direktoryo ng mga Serbisyo ng VDDHH na magagamit bilang mapagkukunan upang makatulong sa paghahanap ng mga kuwalipikadong interpreter kung wala pang matagumpay na na-hire sa pamamagitan ng mga posting ng trabaho.

- Direktoryo ng mga Sertipikadong Interpreter ng VDDHH, Direktoryo ng mga Sertipikadong Interpreter ng RID
- Direktoryo ng mga Sertipikadong Interpreter ng VDDHH
- Direktoryo ng mga Serbisyo ng VDDHH, tingnan ang seksyon na may pamagat na “Mga Ahensya ng Referral ng Interpreter”

Mga Tanong?
Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa
isp@vddhh.virginia.gov.

Para sa digital na kopya ng dokumentong ito na may mga hyperlink na maaaring i-click, mangyaring gamitin ang QR code o magpunta sa <https://www.vadsa.org/apps/DocumentRepository/Viewer/fileviewer/3436>.



¹Seksyon 504 at Mga Obligasyon ng mga Pampublikong Paaralan ng Ada. National Association of the Deaf. <https://www.nad.org/resources/education/k-12-education/section-504-and-ada-obligations-of-public-schools/>

²Individuals with disabilities education act (IDEA). Individuals with Disabilities Education Act. <https://sites.ed.gov/idea/>

³Va. Code § 8VAC20-81-40 E. 3 <https://law.lis.virginia.gov/admincode/title8/agency20/chapter81/section40/>